# Kabanata 8:
# ANG PAGSASANAY

SA TOTOO LANG, nakakatakot si Apolaki. Kung titingnan mo pa ito nang maigi, mararamdaman mo talaga ang init ng ulo na dala ng buong presensiya nito. Ganito ba talaga ang maging diyos sa Hiraya? Sigurado na ba si Apolaki na magbigay ng *training* sa kaniya? PE ang pinakamababang *grade* ni Iska sa *high school*. Kinakabahan siya sa susunod na mangyayari.

"Pwede magtanong?" sabi ni Iska. Tumango naman si Apolaki. Walang ngiti. Hindi pa siya ngumingiti mula nang makita siya ni Iska. *Poker face* lang ito lagi pero *approachable* naman.

"Bakit parang ang hina ko? *Confirm* ko lang. Anak ba talaga ako ni Bathala?" Napakamot na lang sa ulo si Iska. Si Kiko naman, malapit nang ikahiya si Iska.

Gusto na lang paliyabin ni Apolaki si Iska. "Mahina ka talaga. Kaya nga nandito ako para sanayin ka," sagot ni Apolaki na kaunti na lang ay maiinis na sa pagpapaliwanag kay Iska. Sa isip ni Apolaki, mas gusto niya pang pumatay ng sigbin kaysa magpaliwanang nang magpaliwanag sa dalaga. "Pero dahil anak ka ni Bathala, madadaan naman 'yan sa pagsasanay."

"Bakit may diwata sa mundo ng mga mortal?"

"Upang alagaan ang Hiwaga na siyang tahanan ng mga mortal."

"Para saan?"



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 88 11/20/2024 8:06:52 AM

"Para sa balanse ng tatlong mundo: Ang Hiraya, Hiwaga, at Huklob. Ang pagkawala ng balanse sa tatlo ay ang pagkawasak ng lahat. Kailangang pangalagaan ng mga diwata ang Hiwaga mula sa mga masasamang nilalang sa Huklob."

Napahinga nang malalim si Iska. "Paano ko malalaman kung anak talaga ako ni Bathala?"

"Hawakan mo 'ko. Kung 'di ka maiinitan, isa kang anak ni Bathala," bulong ni Apolaki.

Ginawa naman ito ni Iska. Hindi siya nakaramdam ng kung anong paso o sakit.

Inutusan naman ni Apolaki na hawakan siya ni Kiko. Hinawakan naman siya ng maliit na nilalang, subalit agad na nagtatatalon ito sa pagkapaso. Pakiramdam ni Kiko ay humawak siya sa araw sa sobrang init ni Apolaki.

Nagtatatalon sa pagkapaso si Kiko, "Grabe naman! Ang init!" Hinipan pa nito ang kamay.

"'Ayan ang patunay na may angkin kang kapangyarihan, Iska." Hinawakan ni Apolaki ang tipolo. Inilapit niya ang kaniyang tainga rito na tila pinakikinggan ang tibok ng puso ng isang tao.

Sinenyasan ni Apolaki na humawak din sa puno ng tipolo si Iska. Ginawa naman ito ni Iska. Mayamaya ay may may nahulog na isang mahiwagang papel. Kakulay ito ng katawan ng puno. Hindi alpabeto ang nakasulat sa papel na ito. Kaya niyang basahin ang nakasulat bagaman hindi ito alpabeto. Nakasulat ito gamit ang mga simbolo ng mga bagay sa kapaligiran: puno, bundok, at isang wangis ng ibon.

"Ngayong handa ka na sa iyong misyon, tanggapin mo ang gabay sa iyong pagsasanay. Iska, kailangan mong gawin ang lahat sa madaling panahon, dahil ang pagpapatagal ng pagsasanay ay pagpapatagal din upang mahanap ang mga tao at bagay na nawawala sa iyo." Pagkatapos magpaliwanag ni Apolaki, nagpaalam na ito. Tinawag na niya ang kaniyang manaul at lumipad paalis.

Naiwan si Iska na hawak ang papel kung saan nakalista ang mga bagay na gagawin niya pagbalik sa Hiwaga o sa normal niyang mundo. Tinitingnan niya pa lang ang listahan, parang napapagod na siya. Pero, hindi siya dapat panghinaan ng loob. Malapit na ang eklipse.

May tatlong nabanggit sa listahan, at sisimulan niya ito sa likod-bahay ni Lola Da. Mas mahirap pa ata sa huling pagsusulit nila ang mga pagsubok na nakasulat sa papel. Muli siyang humawak sa puno ng tipolo,



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 89 11/20/2024 8:06:52 AM

pumikit at inisip ang pagbalik niya sa kanilang bakuran. Si Kiko naman ay nakaupo pa rin sa kanang balikat niya. Unti-unti na rin niyang natutunan ang pagpasok at paglabas ng Hiraya.

"Basta *bestie*, lahat ng tipolo ay lagusan sa Hiraya," sabi ni Kiko. "Hindi lahat ay kayang makapasok. Kayong mga anak ni Bathala ang maaaring lumabas at pumasok dito."

MALINAW na nababasa ni Iska ang tatlong misyon sa papel. Ang unang misyon ay magaganap sa likod-bahay ni Lola Da. Ang unang simbolo sa papel na ito ay mata. Hiraya at mata? Ano pa bang kababalaghan ang maaari niyang makita. May kausap siyang nuno. May kausap siyang anak ng Bathala. Nalaman niyang diwata ang Mommy Jo niya? Ang buong pamilya niya? Pero hindi siya natatakot o nabigla mula nang ipakita sa kaniya ni Apolaki ang tubig sa bukal.

Nagbalik siya sa harap ng puno ng tipolo sa kanilang bakuran. Bumungad sa kaniyang harap ang isang mahabang mesa. May tatlong sisidlan doon na gawa sa kawayan. May takip ang bawat sisidlang ito. Magkakatulad ito ng hugis, taas, at itsura.

Muling nagningning ang papel na hawak ni Iska. Nagbago ang mga hugis at simbolo na nakasulat rito. Tatlong bilog ang lumabas sa papel. Sa pagkakaunawa ni Iska sa hawak na papel, kailangan niyang malaman ang sisidlan na walang lason at inumin ito. Dalawa sa mga sisidlang iyon ang may lason. Huminga nang malalim si Iska bago tiningnang muli ang mahabang mesa sa harap niya. Unang pagsasanay pa lang, mamamatay na yata siya sa lason.

"Nakakaloka naman," sabi ni Kiko. "'Di pa ako *ready* mawalan ng *bestie*."

Isa-isang inalis ni Iska ang takip ng kawayang sisidlan. Kulay itim na tubig ang nasa loob ng bawat baso. Walang pagkakaiba ang itsura ng laman ng sisidlan. Magkakatulad lang ang lapot at linaw ng laman ng mga sisidlan. Sa unang tingin, parang tubig na kinulayan ng itim lang ang laman ng sisidlan. Bumilis ang tibok ng puso ni Iska sa kaba. Paano kung mainom niya ang sisidlang may lason?

"Paano ko naman malalaman kung alin sa mga basong ito ang may lason?" tanong ni Iska kay Kiko. Natatakpan si Kiko ng sumbrero niya. Sumipol si Iska nang dalawang beses at saka naman ito nagising at nagparamdam.

"Aramin 'yan. Iyan ang espesyal na lason na ginawa gamit ang mga halamang nakapaligid sa puno ng tipolo. Ginawa iyan ni Lola Da laban sa mga sigbin at iba pang nilalang. Okay naman siya amuyin, *bestie*, kaya



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 90 11/20/2024 8:06:52 AM

lang, kapag nainom mo, katapusan mo na. Kung maiinom naman ito ng isang sigbin, manghihina siya at magiging abo," paliwanag ni Kiko na may kaunting yabang sa pagpapaliwanag bagaman matagal niyang inaral ang mga halamang gamot sa bakuran nila.

Tiningnang muli ni Iska ang mga sisidlan sa harap niya. Kinuha niya ang unang sisidlang nasa kaliwa. Inilapit niya ito sa ilong at saka dahan-dahang inamoy. Naaalala niya ang kandilang sinisindihan nila tuwing sasapit ang gabi. Ito ang amoy na siyang nagpapakalma sa kanila matapos ang isang nakakapagod na araw.

"Imposible naman na ito ang lason," sabi ni Iska. Kinuha niya ang ikalawa. Inamoy niya ito at naalala niya ang bulaklak ng lagundi sa bakuran nila. Maagang ipinakilala ni Lola Da kay Iska ang gamit ng lagundi. Tuwing inuubo siya, naglalaga ng dahon ng lagundi ang lola at pinaiinom sa kaniya. Hindi gusto ni Iska ang lasa nito. Halos masuka siya sa timplang ginagawa ng lola niya gamit ito. Halos masuka siya sa tuwing iinumin ito. Kaya ang ginagawa niya, lalagukin niya na lang agad.

Hinawakan ni Iska ang pangatlong sisidlan. Tila ampalaya ang amoy nito. Sa amoy na ito, agad niyang naalala ang mapait na halamang gamot na ipinaiinom sa kaniya kapag masakit ang lalamunan niya. Kapag walang lagundi, oregano ang ipinaiinom ni Lola Da kay Iska. Mapait ito kaya naman tuwing iinom siya nito, nilalagok niya na lang agad para hindi niya malasahan.

Paano kung ang lagundi at ang oregano ang lason sa sigbin dahil sa lasa nito? Paano kung ang lasa nito ang siyang gamit upang puksain ang sigbin?

Huminga muli nang malalim si Iska at hinawakan ang unang sisidlan. Kinabahan din si Kiko sa pinili ni Iska, subalit hindi niya naman alam kung paano matutulungan si Iska sa oras na iyon. Agad na nilagok ni Iska ang laman ng sisidlan. Ramdam niyang sumayad sa kaniyang lalamunan ang kakaibang lasa ng inumin.

Hindi nagtagal, nanlabo ang paningin ni Iska. Tila umiikot ang paligid niya. Nawalan siya ng lakas at naibagsak ang sisidlang hawak. Nagdilim ang kaniyang paningin. Bumagsak siya sa lupa at nawalan ng pandama.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 91 11/20/2024 8:06:52 AM